


Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ikalawang Markahan – Modyul 1:
Pangako o Pinagkasunduan**



Edukasyon Sa Pagpapakatao (EsP) – Ikaanim na Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikalawang Markahan – Modyul 1: Pangako o Pinagkasunduan
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Johnrey B. Montinola, Joeme B. Lasanas

Editor: Maricha D. Rojo, Carmelita R. Segara

Tagasuri: Zaldy H. Reliquias, PhD, Raulito D. Dinaga

Tagaguhit: Renelle John P. Micabel

Tagalapat: Othelo M. Beating, Raulito D. Dinaga

Tagapamahala: Ramir B. Uytico, EdD, CESO IV - Regional Director

Pedro T. Escobarte, Jr., PhD, CESO V - OIC-Regional Director

Elena P. Gonzaga, Regl Chief-CLMD

Donald T. Genine, Regl EPS-LRMS

Meriam T. Lima, Reg'l EPS, ESP

Marsette D. Sabbaluca, CESO VI - SDS

Lynee A. Peñaflor - ASDS

Salvacion J. Senayo - OIC-ASDS

Zaldy H. Reliquias PhD, Chief-CID

Raulito D. Dinaga, EPS-LRMS

Carmelita R. Segara, EPS-ESP

Othelo M. Beating, PDO II-LRM

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region VI – Western Visayas
Office Address: **Duran St. Iloilo City, Philippines**
Telefax: **(033) 336-2816, (033) 509-7653**
E-mail Address: **deped6@deped.gov.ph**

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ikalawang Markahan – Modyul 1:
Pangako o Pinagkasunduan**

Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikaanim na Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Pangako o Pinagkasunduan!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



Mga Tala para sa Guro

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.



Alamin

Lahat tayo ay may ginawang pangako at kasunduan sa ating buhay. Maaaring ito ay para sa ating sarili, pamilya, at sa ating bayan. Ito ay nagpapakita lamang na ang isang tao ay may sariling paninindigan upang tuparin ang mga pangako at kasunduan sa buhay.

Ikaw, ano ang pangako mo? Ano ang mga bagay-bagay na kaya mong gawin para matupad ang iyong pangako?

Pagkatapos ng araling ito, ang mag-aaral ay inaasahan na naipakikita ang kahalagahan ng pagiging responsable sa kapuwa sa pamamagitan ng pagtupad ng pangako o pinagkasunduan.



Subukin

Panuto: Isulat ang **Tama** kung ang sumusunod na mga sitwasyon ay nagpapakita ng kahalagahan ng pagtupad ng isang pangako o kasunduan at **Mali** kung hindi. Isulat ang inyong mga sagot sa kuwaderno.

- _____ 1. Si Lena ay taimtim na nagdadasal na makakuha siya ng mataas na marka sa unang markahan. Ito ay ipinangako niya sa kaniyang ina at ama na nagpapakahirap upang mairaos ang kaniyang pag-aaral.
- _____ 2. Sa simula ng klase ay nagkaroon ng sumpaan ang mga mag-aaral ni G. Santos na hindi na sila gagawa ng kalokohan ngunit hindi ito natupad sa kadahilanang may iba sa kanila ay lumiliban sa klase upang maglaro ng **computer**.
- _____ 3. Sa pagtupad ng kaniyang mga pangarap, si Danilo ay nangako sa kaniyang sarili na pagbubutihin ang kaniyang pag-aaral upang makapagtapos siya na may nakasabit na medalyang ginto. Dumating ang araw ng pagtatapos at tila dininig ng langit ang kahilingan ni Danilo na makakuha ng medalyang ginto.
- _____ 4. Si Karina ay isang batang madaldal na naghahangad na makahanap ng isang tunay na kaibigan sa bagong paaralan na kaniyang pinasukan at nakatagpo naman siya nito. Ngunit sa kadalalan niya ay naipagsabi niya ang mga sikreto ng kaniyang matalik na kaibigan.
- _____ 5. Sina Mila at Ana ay matalik na magkaibigan simula noong bata pa sila. Nangako ang dalawa na magiging magkaibigan sila sa hrap at ginhawa ngunit matayog ang mga pangarap ni Ana at gagawin niya ang lahat upang makamtan ito. Sa araw ng bigayan ng **“Report Card”** ay matataas ang mga nakuhang marka ni Mila kaysa kay Ana. Ito ang dahilan upang sirain ni Ana ang pagkakaibigan nila ni Mila.
- _____ 6. Sina Zady at Raul ay palaging naglalaro sa plaza. Isang araw, naisipan nila na gumawa ng isang pangako na mananatili silang magkaibigan hanggang sa paglaki nila. Dumating ang araw na nagkahiwalay ang dalawa dahil sa Maynila na mag-aaral si Zaldy. Pagkalipas ng ilang taon ay bumalik si Zaldy sa lugar na kinalakihan nila at halata na malaki ang ipinagbago

niya. Isa na rito ay ang pagtanggap niyang maging kaibigang muli si Raul.

- _____ 7. Si Gina ay nanghiram ng aklat sa kaniyang kamag-aral na si Sonia. Ipinangako niya na isasauli ito sa susunod na araw. Kinabukasan, maaga pa niya itong isinauli at buong puso siyang nagpasalamat kay Sonia.
- _____ 8. Magkakaroon ng pagsusulit sa EsP. Ipinangako mo sa iyong kaibigan na tutulungan mo siya sa pag-aaral ng inyong mga leksyon. Isang araw bago ang pagsusulit ay biglang nagbago ang iyong isip at hindi mo tinupad ang iyong pangako sa kaniya.
- _____ 9. Kaarawan ng iyong lola sa susunod na linggo at nangako kang bibigyan mo siya ng keyk. Dumating ang araw ng kaniyang kaarawan subalit nakalimutan mong bilhan siya ng keyk at ito ang naging dahilan upang siya ay malungkot.
- _____ 10. Mapagbigay ang iyong kaibigan at palagi ka niyang binibigyan ng pagkain. Ipinangako mo sa kaniya na kapag dumating ang kuya mo galing sa ibang bansa ay bibigyan mo siya ng mga tsokolate, ngunit hindi mo na siya naalalang bigyan nang dumating ang kuya mo.

Aralin

1

Pangako o Kasunduan

Likas sa ating mga Pilipino ang bigyang pansin ang salitang “kasunduan” na kung saan ang bawat tao ay may kaniya-kaniyang katayuan na pahalagahan kung ano ang mga bagay na pinag-usapan. Bilang indibidwal kailangan natin na pahalagahan at sundin kung ano ang ating sinabi o ipinangako sa sarili, pamilya at sa ibang tao. Kung marunong tayong sumunod sa pinagkasunduan, ito ay nagdudulot ng mabuting pakikipag-kapuwang, mabuting pakikipag-ugnayan sa ibang tao, pagtitiwala sa sarili at sa iba.

Ang pagtupad sa pinagkasunduan ay isa sa mga katangian na dapat nating pahalagahan bilang isang indibidwal dahil dito nasusukat ang iyong pagkatao. Marami sa ngayon ang nagkakaroon ng hindi pagkakaunawaan dahil hindi sila tumutupad sa pinag-usapan pero dapat nating isaip na mas mahalagang tuparin kung ano ang pinagkasunduan para ikaw ay pagkatiwalaan. Dito naipapakita ang katapatan sa pamamagitan ng pagsang-ayon at pagsunod kung ano ang pinagkasunduan.

Kadalasan ay maririnig natin sa ibang indibidwal ang salitang “**Palabra de Honor**” isang Latin na salita na kung sa Ingles ay “**word of honor**” na ang ibig sabihin nito ay patupad sa mga pangako o kasunduan kung ano ang pinag-usapan. Ang pagkakaroon ng kasunduan ay nagpapahiwatig na ang isang tao ay nararapat na pagkatiwalaan sa mga bagay o salita na binitawan upang pahalagahan ang isang desisyon. Dahil dito dapat gawin ito ng tama at sundin ng bukal sa kalooban upang hindi mapahiya sa taong pinag-ukulan ng isang salita o kasunduan. Dito natin malalaman kung ang isang tao ay mayroong isang salita o wala. Pero ano ba talaga ang kahalagahan ng pagtupad sa pinagkasunduan? Ano ang kabutihan na maidudulot nito sa atin?

Ang pagtupad sa pinagkasunduan ay isang ugali ng Pilipinong hangad natin na taglay ng bawat taong makakasalamuha natin. Ito ay dahil alam natin na ang ikagaganda ng bawat ugnayan sa pagitan ng mga tao ay nakasalalay sa tiwalang ipinagkaloob ng bawat isa sa kaniyang kasama. Kapag may pagdududa ka sa pagiging may isang salita ng iyong kasama at hindi ka sigurado sa kaniyang katapatan, malamang maging ganoon din ang pakikitungo niya sa iyo. At ang ugnayan na walang tiwala sa isa’t isa ay tiyak na hindi magtatagumpay sa layunin nito. Ang pagtupad sa kasunduan ay tanda ng pagkamapanagutan dahil ang taong responsable ay ginagawa ang kaniyang tungkulin. Ang tao bilang likha ng Diyos ay binigyan niya ng malayang kaisipan na siyang makapagdedesisyon para sa kaniyang sarili. Subalit ang bawat desisyong magawa ng bawat isa ay may kaukulang resulta na maaaring magbunga ng maganda o masama para sa sarili at sa iba. Ang mapanuring pag-iisip ay nangangahulugan ng pagkakaroon ng kaalaman sa suliranin, pagtitimbang ng mga maaaring gawin, at pagpili nang pinakamabuti bago bumuo ng isang pasiya. Mahalagang suriin muna ang situwasyon bago magbigay

ng anumang pasya. Ang pagsusuri at pagtimbang sa maaaring resulta ng iyong pasya ay nararapat din na isaalang-alang. Ang paghingi ng gabay sa Panginoon sa panahong kailangang magpasya, ay makabubuti bilang tugon sa katotohanang ang tao ay Kaniyang likha, nangangailangan ng kaniyang talino upang makapagdesisyon ng mabuti at tama.



Balikan

Panuto: Sagutin ang mga tanong ng **TAMA** at **MALI**. Isulat ang inyong mga sagot sa kuwaderno.

1. Pumunta ka sa malayong bahay ng kaibigan mo kahit na tutol ang mga magulang mo.
2. Nakinig ka sa opinyon ng isang kasapi ng pamilya at tinimbang mong mabuti ito bago gumawa ng desisyon.
3. Kumain kayo ng mga kaibigan mo sa isang kainan subalit inis na inis ka dahil ayaw mo sa restawran na iyon.
4. Tumupad ka sa pinagkasunduan ng inyong grupo na magdala ng mga halaman para itanim sa inyong paaralan.
5. Napagkasunduan ng inyong pamilya na tuwing gabi ay mag-aaral muna kayong magkakapatid bago manood ng telebisyon at ito ay inyong sinunod.



Mga Tala para sa Guro

Katungkulan mong tiyakin na ang bawat mag-aaral ay mabibigyan ng sapat na suporta at alalay mula sa kanilang magulang, nakatatandang kapatid sa bahay o kahit na sa mga kamag-anak, kaibigan at kapitbahay.



Tuklasin

Magandang araw sa lahat. Inaasahan sa modyul na ito na ikaw ay magpapakita ng kahalagahan sa pagiging responsable sa kapuwa ayon sa pangako o kasunduan.

Panuto: Basahin ng mabuti ang kuwento at sagutin ang mga tanong pagkatapos nito.

Ang Pangako Ng Gintong Medalya

Johnrey B. Montinola



Iginuhit ni
Renelle John P. Micabel

Si Renelle ay isang batang nangangarap na makatapos ng pag-aaral upang matulungan at mairaos sa hirap ang kanilang pamumuhay. Likas na masayahin si Renelle at marami siyang kaibigan. Ipinagmamalaki siya ng kaniyang mga magulang dahil sa angkin nitong talino na kung saan palagi siyang nangunguna sa klase.

Isang gabi, nakita ni Renelle na pagod na pagod ang kaniyang ama dahil buong araw itong nagtrabaho sa bukid. Pinuntahan niya ito at binigyan ng pagkain at inumin. “Tay, pagod na pagod kayo ah! Dinalhan ko po kayo ng pagkain at tubig,” sabi ni Renelle. “Salamat anak at nag-abala ka pa na dalhan ako ng pagkain at tubig,” turan ng kaniyang ama. “Hayaan mo itay, lahat ng pagod mo ay mapapawi dahil ipinapangako ko na makukuha ko ulit ang gintong medalya sa araw ng aming pagtatapos,” sabi ni Renelle sa kaniyang ama. “Pangako mo iyan anak ha, gawin mo ang lahat ng makakaya mo para makuha ulit ang gintong medalya,” sabi ng kaniyang ama. Iyon ang isang pangako na sinabi ni Renelle sa kaniyang ama. Kinabukasan, maagang umalis si Renelle upang pumasok sa paaralan. Nakasabay niya ang kaniyang mga kaibigan at kaklase. Masayang-masaya silang nagkukuwentuhan sa daan nang sumagi sa kanilang isipan at napag-usapan ang bagong bukas na “**Computer Shop**” malapit sa kanilang paaralan. “Narinig ko na magbubukas ang “**Computer Shop**” bukas,” sabi ni Lito. “Eh! Ano ang gagawin natin?” tanong ni Renelle. “Eh di ano pa, pupunta tayo bukas para malaman din natin ang tinatawag na kumpyu-pyut-puter” pautal na banggit ni Nilo at nagtawanan ang grupo dahil sa pautal-utal na sambit ni Nilo.

Sa bahay ay nasambit ni Renelle sa kaniyang ina at ama na kung puwede daw siyang pumunta sa pagbubukas ng nasabing “**Computer Shop**.” “Nay, magbubukas po ang “**Computer Shop**” bukas puwede hu bang pumunta ako doon?” sabi ni

Renelle. Narinig iyon ng ama ni Renelle at biglang nagsabi na “Anak, okey lang, puwede kang pumunta at para makita mo rin naman ang mga makabagong bagay tulad ng kompyuter” sabi ng kaniyang ama. Tuwang-tuwa si Renelle dahil pinayagan siya ng kaniyang mga magulang na pumunta sa nasabing **“Computer Shop”**.

Kinaumagahan, araw ng Sabado ay pumunta si Renelle at ang kaniyang mga kaibigan sa bayan upang saksihan ang pagbubukas ng **“Computer Shop”**. Dahil sila ay maagang dumating ay nakakuha sila ng premyo na kung saan puwede silang maglaro ng mga **on-line games** at gumamit ng internet sa loob ng isang oras. Labis ang tuwa ng magkakaibigan dahil nakaranas na din sila ng paglalaro ng kompyuter. Masayang umuwi si Renelle sa kanilang bahay at ikinuwento ito sa kaniyang magulang.

Lunes, araw ng pasok. Maagang umalis si Renelle upang pumasok at sa kaniyang paglalakad ay nakasabayan niya ang kaniyang mga kaibigan. “Alam niyo, masaya pala ang paglalaro ng kompyuter. Mauulit kaya iyon?” turan ni Nilo. “Teka! May naisip akong gawin natin. Huwag kaya tayong pumasok ngayon at maglaro na lang tayo ng kompyuter,” dagdag pa ni Nilo. “Hala! Masama iyon Nilo. Tiyak pagagalitan tayo,” sambit ni Renelle. “Itong si Renelle parang **kill joy**. Ngayon lang Renelle, ngayon lang,” pagpupumilit ni Nilo. Napag-isip si Renelle kung sasama ba siya o hindi, pero nanaig pa din ang pagiging bata ni Renelle at sumama siya sa mga kaibigan na lumiban sa klase. Naulit ito ng ilang beses at pilit itong itinago ni Renelle sa kaniyang mga magulang.

Dumating ang araw ng bigayan ng kard. Laking gulat ni Renelle na hindi na siya ang nangunguna sa klase at mababa na ang mga markang nakuha. Pagdating sa bahay ay ibinigay ni Renelle ang kard sa kaniyang ama. Nagulat ito dahil mababa nga ang mga markang nakuha ni Renelle. Hindi katulad ng dati na matataas ito. Tinanong si Renelle ng kaniyang ama kung bakit mababa ang kaniyang grado. Tumulo ang luha sa mga mata ni Renelle at tinuran niya ito “Pasensiya po! Inay at Itay. Labis po akong nawili sa paglalaro ng kompyuter. Hindi na po ako nakakapag-aral ng mabuti dahil palagi akong naglalaro kasama ang mga kaibigan ko.” Nanginginig sa galit ang kaniyang ama dahil sa nalaman niya at tumuran lamang. “Sabi mo anak, ibibigay mo sa amin ang gintong medalya dahil nakikita mong naghihirap kami. Yun pala ito ang gagawin mo.” “Pangako Itay, babawi ako,” sabi ng Renelle “Huwag na anak, huwag ka nang mangako, gawin mo!” sambit ng kaniyang tatay.

Mula noon ay natuto na si Renelle sa kamaliang nagawa. Doble ang pagsusumikap niya sa pag-aaral. Dumating na ang araw ng pagtatapos. Nakuha ni Renelle ang gintong medalya. Ang medalyang inaasam niya para sa kaniyang mga magulang. Maluha-luha na umakyat si Renelle sa entablado upang kunin ang medalya. Laking gulat niya nang makita na umaakyat din sa entablado ang masaya at maluha-luha niyang mga magulang upang isabit sa kaniya ang medalyang ginto. “Inay, Itay, salamat po sa lahat ng pagmamahal sa akin. Ito na po ang pangako ko sa inyo, ang gintong medalya,” sabi ni Renelle. Nagpalakpakan ang mga tao dahil sa tagos-pusong tagpong iyon.

Panuto: Sagutin ang sumusunod na tanong batay sa kuwentong binasa.

1. Bakit pinamagatang “Ang Pangako ng Gintong Medalya” ang kuwento?
2. Ilarawan ang pangunahing tauhan sa kuwento?
3. Ano ang ginawa ni Renelle at bumaba ang kaniyang marka sa paaralan?
4. Ano ang ginawa ni Renelle upang makabawi sa kaniyang pagkakamali?
5. Ano ang pangako ni Renelle sa kaniyang mga magulang? Natupad ba niya ito?
6. Kung ikaw si Renelle, ano ang gagawin mo para matupad ang iyong pangako sa iyong mga magulang?
7. Bakit mahalaga na tuparin ang isang pangako?
8. Ano ang mangyayari kung hindi matutupad ang isang pangako?
9. Kaya mo bang gumawa ng isang pangako? Paano mo ito tutuparin?
10. Naniniwala ka ba na ang “pangako ay napapako”? Bakit?



Suriin

GAWAIN A:

Panuto: Tingnan ang **speech bubbles**. Basahin ang mga tanong at sagot.

Ano ang ibig sabihin ng pagiging responsable?

Tinutupad ng mga taong responsable ang kanilang mga pangako at hinahanapan ng paraan na magampanan ang mga napagkasunduan

Mahalaga ba ang pagiging responsable?

Ang taong responsable ay mapagkatiwalaan ng anumang bagay. Sila ay may respeto at tiwala sa sarili at sa kapuwa.

GAWAIN B:

Panuto: Magbigay ng sariling sagot sa dalawang tanong ayon sa iyong karanasan.

1. Ano ang ibig sabihin ng pagiging responsable?

2. Mahalaga ba ang pagiging responsable?

3. Naranasan mo na bang makipagkasundo sa ibang tao?

4. Masasabi mo bang ikaw ay tumupad sa inyong kasunduan?

5. Paano mo naman ito pahahalagahan?



Pagyamanin

Panuto: Basahing mabuti ang isang awit na may temang tungkol sa pangako.

Ang Pangako

Ni Rommel Guevara

*Panginoon lumalapit
sa Iyo ang puso kong nag-iisa
Kayo ang aking pag-asa
Panginoon tugon sa aking dalangin
Tapat kailan pa man aking kapayapaan
Pangako Nyo aking panghahawakan
Pangako Nyo ang tangi kong sandigan
Pangako Nyo'y tapat magpa-kailanman
Ako'y di iiwan, O pababayaang man
Pangako Nyo'y aking panghahawakan*

Sagutin ang mga katanungan:

1. Ayon sa kanta, kanino tayo lumalapit?
2. Bakit tayo nananalangin sa Kaniya?
3. Ano ang ipinangako ng ating Panginoon?
4. Ano ang pangako na ipagkakaloob Niya sa atin?
5. Ano ang kaya mong ipangako para sa iyong
 - A. sarili
 - B. pamilya
 - C. bayan
6. Kaya mo rin bang gayahin ang tapat na pangako na ibinigay ng ating Panginoon? Paano?

Ganito rin ba ang iyong sagot?

1. Tayo ay lumalapit sa ating Panginoon
2. Nanalangin tayo sa Kaniya araw-araw o sa lahat ng oras.
3. Kapayapaan ang ipinangako ng ating Panginoon
4. Pangakong tapat ang Kaniyang ipagkakaloob
5. Ang bilang na ito ay nangangailangan ng personal na mga kasagutan
6. Opo, kaya ko rin gayahin o maging tapat sa aking pangako sa pamamagitan ng pagtupad nito ng buong puso.



Isaisip

Bakit mahalaga na tuparin ang isang pangako o kasunduan?



Isagawa

Panuto: Basahin ang kuwento at sagutin ang mga tanong pagkatapos nito.

ANG USAPAN AY USAPAN

Magkaibigan sina Malette, Rosario, Angel, at Jennifer. Minsan ay nag-uusap sila nang biglang may iminungkahi si Jennifer. “Naku, malapit na pala ang kaarawan ni Aling Regina. Hindi ba madalas tayong pakainin ng lumpia nang libre? Maganda siguro kung bibigyan natin siya ng sorpresa,” wika nito. “O, sige magbigay tayo ng tig-sasampung piso at ibili natin siya ng bagong lagayan ng kaniyang benta. Hindi ba lumang-luma na yung latang lalagyan niya ng benta?” Nagkasundo ang buong grupo na sa lunes nila ibibigay ang sampung piso nila kay Rosario na siya namang bibili ng kanilang regalo para kay Aling Regina. “Paano na ito? Wala na akong pera kasi ibinili ko na ng lapis at papel,” bulong ni Malette sa kaniyang sarili ng ito ay papauwi na. “Nakakahiya naman sa kanila,” dagdag pa niya. Papauwi na ito ng maalala niya ang mga bunga ng mangga sa kanilang puno. “Hingin ko kaya kay Inay ang ilang bunga at aking ibebenta,” ang nasa isip ni Malette.

Dumating ang araw ng Lunes at nagkita-kita ang magkakaibigan. “Ayan, mayroon tayong apatnapung piso. Mayroon na tayong ibibili ng regalo para kay Aling Regina,” wika ni Rosario. “Mabuti Malette at mayroon kang pera. Narinig namin kasi na bumili ka ng lapis at papel noong isang linggo,” wika ni Angel. “Oo nga eh, humingi ako ng ilang bunga ng mangga kay nanay at aking ibinenta,” pagbabahagi ni Malette sa mga kaibigan. “Naku, sana ay sinabi mo. Maaari naman na dagdagan na lang namin ang aming bahagi,” tugon ni Rosario. “Naku, iyan ang napagkasunduan natin kaya gumawa na lang ako ng paraan upang makatupad ako sa ating napagpasyahan,” wika ni Malette. “Para sa akin kung ano ang ating napag-usapan ay dapat tuparin ng bawat isa,” dagdag pa nito.

A. Sagutin ang mga tanong:

1. Ano ang pinag-usapan ng magkakaibigan?
2. Ano ang kanilang napagpasyahan sa kanilang pinag-usapan?
3. Sila ba ay tumupad sa kanilang pinag-usapan at pinagpasyahan? Magbigay ng sitwasyon mula sa kuwento na nagpapakita ng katuparan sa pinag-usapan.
4. Anong solusyon ang ginawa ni Malette para makapag-ambag sa mga kaibigan?
5. Kung ikaw si Malette, tutularan mo rin ba ang kaniyang ginawa? Bakit?
6. Anong katangian ang ipinakita ng magkakaibigan?
7. Mahalaga ba ang pagtupad sa pinagkasunduan? Bakit?
8. Ano ang magiging epekto kung ikaw ay hindi tumupad sa pinagkasunduan.

B.

Panuto: Panuto: Lagyan ng tsek (✓) ang kolum na angkop na sagot sa bawat bilang. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

Mga Gawain	Palagi	Minsan	Hindi
1. Naging responsable ako sa pagtupad sa pinagkasunduan.			
2. Naging mapanuri ako bago magdesisyon na makipagsundo.			
3. Naging matapat ako sa mga pinagkasunduan.			
4. May isang salita ako sa bawat pinagkakasunduan.			
5. May pagpapahalaga ako sa aking kapuwa sa pamamagitan ng pagsunod sa pinagkasunduan.			



Tayahin

A.

Panuto: Basahin ang mga sitwasyon. Isulat ang salitang **NATUPAD** kung ito ay nagsasabi ng katuparan sa pinagkasunduan at **DI NATUPAD** naman kung hindi. Isulat ang iyong mga sagot sa kuwaderno.

- _____ 1. Si Boy ay mahilig sumayaw. Mayroong *awdisyon* sa pagsayaw sa kanilang barangay at gusto niyang sumali doon. Kaya lang ang sabi ng kaniyang magulang ay baka maapektuhan ang kaniyang pag-aaral. Kaya hindi muna siya sumali at nangako na pagbubutihin niya ang kaniyang pag-aaral.
- _____ 2. Si Drew ay palaging naglalaro ng kaniyang selpon. Binawalan siya ng kaniyang ina para makatutok sa kaniyang pag-aaral at nangako naman siya. Pagkatapos ng klase, umuuwi agad si Drew upang makapag-aral.
- _____ 3. Si Terry ay mahilig magbulakbol, lagi siyang gabi kung umuuwi. Isang araw inumaga ng uwi si Terry. Pinagalitan siya ng kaniyang nanay at nagkaroon sila ng kasunduan na alas-otso ng gabi ay naroon na siya sa kanilang bahay, at sumang-ayon naman siya. Ngunit nang mga sumunod na araw ay umuwi si Terry ng alas-diyes ng gabi.
- _____ 4. Si Rick ay niyaya ng kaniyang mga kaibigan na maglaro. Ngunit mayroon pa silang ginagawa ng kaniyang nanay. Naisip ni Rick na magpaalam muna sa kaniyang nanay at nangakong babalik kaagad ito para makatulong. Umuwi si Rick na tapos na lahat ang gawain at nadatnan na tulog na ang kaniyang nanay.
- _____ 5. Si Lily ay nanghiram ng libro kay Don. May kasunduan sila na magpapahiram din si Lily ng gamit kay Don. Nangako sila sa isa't isa, at iyon nga ang nangyari, pinahiram ni Lily si Don ng gamit niya sa kanilang proyekto.

B.

Panuto: Basahin ang mga sitwasyon. Isulat ang titik ng tamang sagot sa inyong kuwaderno.

1. Nangako ka sa iyong kaibigan na bibigyan mo siya ng damit kung pakokopyahin ka niya sa pagsusulit. Tama ba ito?
 - A. Oo, kasi lahat ng pangako ay may kapalit din.
 - B. Hindi, dahil ang pangako ay tapat at taos sa puso.
 - C. Oo, dahil magkaibigan naman kayo.
 - D. Wala sa nabanggit.
2. Si Juan ay isang batang may ambisyon sa sarili at ipinangako niya na magtatapos siya ng pag-aaral kahit gaano pa kahirap ang mga pagsubok na

kaniyang haharapin. Kung ikaw si Juan, ano ang gagawin mo para maabot ang iyong mga pangarap?

- A. Ipapangako sa sarili na magsusumikap para maabot ang pangarap.
- B. Ipapangako sa sarili na magkaroon ng disiplina sa sarili.
- C. Ipapangako sa sarili na maging mabuti at mabait na bata.
- D. Lahat ng nabanggit ay tama.

3. Paano mo tutuparin ang isang pangako?

- A. Tutuparin ito na buo ang loob.
- B. Tutuparin ito na bukal sa kalooban.
- C. Tutuparin ito na may kahalong yamot.
- D. Ang titik A at B ay tama.

4. Ano ang gagawin mo sa isang pangakong di natupad?

- A. Hihingi ng kapatawaran dahil sa hindi pagtupad nito.
- B. Maging leksyon na huwag mangako kung di kayang tuparin.
- C. Gawin itong inspirasyon upang baguhin ang sarili.
- D. Lahat ng nabanggit ay tama.

5. Ano ang gagawin mo sa isang taong nabigong tuparin ang pangako niya sa iyo?

- A. Magalit at magtanim ng sama ng loob.
- B. Kausapin upang maintindihan ang rason kung bakit hindi niya natupad ang kaniyang pangako.
- C. Ipagkalat na masama siyang tao sa kadahilanang hindi niya natupad ang kaniyang pangako.
- D. Huwag mo ring tuparin ang pangako mo sa kaniya



Karagdagang Gawain

Gumawa ng panata tungkol sa pagiging responsable sa pagtupad ng pangako at pinagkasunduan. Gawin ito sa iyong papel.

Tandaan:

Ang Pangako ay isang mahalagang bagay na bumubuo sa ating pagkatao. Ito ay sumasalalim kung tayo ba ay mapagkakatiwalaan o hindi. Mahalaga sa bawat indibidwal ang tumupad o tuparin ang pinagkasunduan dahil dito ipinapakita ang katapatan tungkol sa kung ano ang pinag-usapan. Dito nabubuo ang tiwala, mabuting pakikipag-kapuwa, at ang respeto ng bawat isa.



Susi sa Pagwawasto

Tayahin A. 1. NATUPAD 2. NATUPAD 3. DI NATUPAD 4. DI NATUPAD 5. NATUPAD B. 1. B 2. D 3. D 4. D 5. B	Balikan 1. Mali 2. Tama 3. Mali 4. Tama 5. Tama	Subukin 1. Tama 2. Mali 3. Tama 4. Mali 5. Mali 6. Mali 7. Tama 8. Mali 9. Mali 10. Mali

Sanggunian

Kurikulum Guide – Edukasyong Pagpapakatao – 6

<https://www.musicmatch.com/lyrics/Rommel-Guevara/Ang-Pangako>

Pio, Jhoano; Pagtupad sa Pangako; Retrieved from cterjhoanopio.blogspot.com

Lacson, Ronnel D.R.; Ako ay may Isang Salita; Retrieved from <https://www.scribd.com/>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph